Alameda County
Social Services Agency

**Oportunidad na Tulong na Salapi para sa Masustansiyang Paninda**

**Background**

Tinutulungan ng Tulong na Salapi para sa Masustansiyang Paninda ang maliliit na tindahan sa Alameda County na magsulong at magbenta ng mas masustansiya, abot-kaya, at angkop sa kulturang mga mahalagang pagkain.

Ang programa ng tulong na salapi na ito ay pinatatakbo ng Alameda County Social Services Agency (ACSSA), nang may suporta mula sa Hellman Foundation at Alameda County Nutrition Services (ACNS).

Ang maliliit na tindahan na nakatuon sa pabibigay ng mas masustansiyang pagkain ay maaaring tumanggap ng hanggang $25,000 para gumawa ng mga pagpapahusay. Pipiliin ang mga tindahan sa pamamagitan ng proseso ng pag-a-apply at sinusuri batay sa lakas ng kanilang mungkahi at potensyal na epekto nito sa komunidad. Ang maayos na tindahan ay nag-aalok ng mga opsyon para sa masustansiya (halimbawa: low-fat, low-sugar, low-sodium, maraming sustansya), mataas na kalidad at angkop sa kulturang pagkain na hindi karaniwang available sa kanilang lugar.

**Sino ang makakapag-apply para sa mga pondong ito?**

Dapat matugunan ng mga tindahan ang **lahat** ng sumusunod na pamantayan para maging kwalipikado para sa pagpopondo:

- Matatagpuan sa Alameda County: Hanapin sa mapa dito ang iyong lugar: Mapa
- Ang mga tindahan na matatagpuan sa mga lugar na kapos sa pera kung saan limitado ang access sa mga masustansyang pagkain ay hinihikayat na mag-apply.
- Nagpapakita ng pagtuon sa pagsusulong at pagbebenta ng masustansyang opsyon sa pagkain at inumin
- Maliit na tindahan ito sa ugar (tulad ng tindahan sa kanto o maliit na tindahan ng grocery)
- Naipapatupad ang mga iminumungkahing solusyon nang malaya na may suporta ng tulong na salapi, gamit ang kanilang imprastraktura, mga contact o kapasidad

**Ano ang mangyayari pagkatapos kong makuha ang tulong na salapi? Anong mga ulat ang kailangan kong isumite?**

Hihilingin namin sa iyong:

Alameda County
Social Services Agency

- **Magpadala ng before-and-after na mga litrato** sa simula at pagtatapos ng iyong proyekto
- **Kumpletuhin ang pangungumusta sa kalagitnaan** sa pamamagitan ng maikling tawag o personal na pagpunta para pag-usapan ang progreso, mga problema, at anumang pagbabago sa iyong plano
- **Lumahok sa isang maikling panghuling personal na interview** sa loob ng 30 araw ng pagkumpleto ng iyong proyekto para ibahagi ang mga resulta, feedback, at mga natutunan
- **Magbahagi ng mga pangunahing bilang na napagpakita ng pagbabago sa katagalan.** Halimbawa: "Nadagdagan ang benta ng mga prutas at gulay mula 20 lbs. kada linggo at naging 40 lbs. kada linggo" o "Dalawang beses sa isang linggo na ako ngayon nag-oorder ng mga prutas at gulay imbes na isang beses." Ang mga paghahambing na before-and-after—tulad ng dumobleng benta ng saging—ay higit na nakakatulong. Maaari mong ipaliwanag ito sa sarili mong mga salita batay sa alam mo sa iyong tindahan.
- **Magbigay ng 1–2 kuwento ng customer o tindahan** na nagbibigya-diin sa epekto ng proyekto (nang may naaangkop na pahintulot). Opsyonal pero lubhang hinihikayat.

**Magkano ang maaaring matanggap ng aking tindahan?**

Maaari kang humiling ng hanggang $25,000 sa tulong na salapi na pagpopondo. Ang eksaktong halaga ay magiging depende sa iyong mungkahi, mga pangangailangan ng tindahan mo, at ang iyong plano para gamitin ang mga pondo.

Kung pinili ang iyong tindahan at hindi nakatanggap ng bayad nakaraan mula sa Alameda County, kakailanganin mong kumpletuhin ang pagrerehistro ng vendor sa County bago maibigay ang anumang pondo. Kasama sa prosesong ito ang pagsumite ng kumpletong W-9 (Kinakailangan na Dokumento: W-9 Form ay dapat Bersyon ng IRS Rev. Marso 2024, pinirmahan at may petsa noong 2025. *Tandaan: Labis na mahalaga ang pagsunod sa kinakailangang ito.*) Para sa sanggunian, tingnan ang Mga Instruksyon para sa Requeter ng Form W-9 (03/2024) | Internal Revenue Service.

Hinihikayat ka namin na isumite ang W-9 kasama ng iyong application para i-streamline ang proseso kung mapili ka.

Ang pinal na mga gawad na tulong na salapi ay depende sa bilang ng mga kwalipikadong aplikante, pagsusuri ng mga application kaugnay sa pamantayan, ang

Alameda County
Social Services Agency

pagiging available ng mga pondo. Sa pamamagitan ng pag-apply sa programang gawad na ito, hindi ginagarantiyahan na ang aplikante sa anumang paaan na makatanggap ng mga gawad na pondo. May karapatan ang County ng Alameda sa pamamagitan ng Social Services Agency, na baguhin ang anumang aspeto ng prosesong ito o pangkalahatang programa sa anumang paraan para sa sarili nito kumbiyente anumang oras.

**Pakitandaan: Ang anumang pondo na natanggap mula sa County ay dapat iulat sa iyong mga buwis.**

**Paano magagamit ng mga tindahan sa kanto ang mga pondo ng tulong na salapi?**

Ang mga tindahan na tumatanggap ng tulong na salapi ay hinihikayat na mag-isip ng mga ideya na akma sa sarili nilang mga problema at mga pangangailangan ng kanilang komunidad. Ang mga pondo ng tulong na salapi ay magagamit para:

**Pahusayin ang Kagamitan ng Tindahan**
Paano mas mapapahusay ng iyong tindahan ang pag-iimbak at pagpapakita ng sariaw at masustansyang pagkain?
Magagamit mo ang tulong na salapi na bumili ng mga bagay na tulad ng:

- Mga Pridyeder
- Mga crate para sa mga prutas at gulay
- Mga istante o mga countertop stand
- Mga cart o cooler para maghatid ng pagkain at
- Iba pang gamit para tumulong na mag-imbak o magbenta ng mga masustansyang item
- Karatula at mga wobbler na nagsusulong ng masustansiyang mga opsyon sa pagkain at inumin

**Bumuo ng mga lokal na pagtutulungan**
Paano makakakuha ang iyong tindahan ng mas maraming masustansiyang pagkain mula sa mga kalapit na pagkukunan?

Maaari kang makipagtulungan sa:

- Mga lokal na distributor o aggregator ng pagkain
- Mga magsasaka, lalo na ang mga gumagawang BIPOC (Black, Indigenous, People of Color)

Alameda County
Social Services Agency

- Iba pang mga grupo na tumutulong na magdala ng masustansiyang pagkain sa iyong komunidad

**Isama ang iyong komunidad**
Paano masasabik ang mga customer mo tungkol sa pagkain ng masustansiya?
Maaari kang magplano ng:

- Mga demo sa pagluluto o mga patikim
- Edukasyon tungkol sa nutrisyon o mga kultural na event ng pagkain
- Mga sample sa tindahan o mga fair sa kalusugan
- Mga coupon, credit sa tindahan, o mga gift card bilang mga reward

**Mga sarili mong ideya**

Kilalang-kilala mo ang iyong tindahan at mga customer mo.
Hinihikayat ka naming gumawa ng plano na akma sa iyong natatanging sitwayson at mga pangmatagalang layunin. Mas nasasalamin ng iyong plano ang iyong mga tunay na pangangailangan, mas malamang na magkakaroon ito ng tatagal na epekto.

**Saan hindi magagamit ang mga pondo ng tulong na salapi:**

**Hindi** mo magagamit ang pera para:

- Bumili ng alak, sigarilyo, o mga ticket ng loto
- Magbayad ng upa, mga bill sa telepono, kuryente, o iba pang bill
- Bayaran ang mga loan o utang
- Magbayad ng mga kawani maliban kung nagtatrabaho sila sa isang proyekto ng masustansyang pagkain
- Bumili ng mga item para sa personal na paggamit
- Gumastos sa anuman na walang kaugnayan sa masustansyang pagkain on mga inumin sa iyong tindahan

**Paano ako mag-a-apply?**

- Pakisagutan ang application form at i-email ito sa SSAInnovations@acgov.org bago **ang Oktubre 10, 2025 nang 5 PM**
- Ang lahat ng materyal sa application ay dapat isumite sa pamamagitan ng email lang; hindi tatanggapin ang mga papel na kopya.
- **Kinakailangang Dokumento:**

Alameda County
Social Services Agency

- Nakumpletong application form
- Simpleng budget (paano mo pinaplanong gamitin ang pera) - Ibinigay ang template
- Mga litrato ng kasalukuyang layout ng tindahan
- Hinihikayat ka namin na isumite ang W-9 kasama ng iyong application para i-streamline ang proseso kung mapili ka.
- May mga Tanong o Kailangan ng Teknikal na Tulong? Email **SSAInnovations@acgov.org** Mayroong tulong na nasa Ingles at Espanyol

**Proseso ng Pagsusuri**

Sinusuri ang mga application ng Grant Review Committee ng Alameda County Social Services Agency na binubuo ng kombinasyon ng kawani ng Ahensiya, mga kinatawan ng komunidad at iba pang kwalipikadong nagsusuri na may kaugnayang expertise.

Ang mga gawad na tulong na salapi ay sinusuri ng Grant Review Committe at inirerekomenda sa Direktor ng Social Services Agency para sa pinal na pag-apruba.

**Pakitandaan:** Ang lahat ng desisyon sa pagpopondo ay pinal. Walang proseso para sa apela para sa mga desisyon sa application. Hinihikayat namin ang mga aplikante na tiyakin na kumpleto ang kanilang mga mungkahi, malinaw na nakasulat, at isumite sa oras. **Hindi tatanggapin ang mga nahuling application.**